## Alam ba ninyong ang Pampublikong Kalusugan ay...

- Nag-iinspeksiyon at nagkakategorya ng mga restawran, pamilihan, at mga trak na pampagkain para maiwasan ang mga karamdamang may kinalaman sa pagkain?
- Sinusubaybayan nito ang mga tubig sa karagatan at mga swimming pool para matiyak na ligtas ang lugar na nilalanguyan?
- Gumagamot ng mga taong may mga sakit na nakakahawa sa pamamagitan ng pakikipag-seks at HIV/AIDS?
- Tumutulong sa mga residente para makapaghanda para sa natural at likha ng tao na emergency at sakuna?
- Nag-iinspeksiyon at nagbibigay ng lisensiya sa mga ospital at tahanang-alagaan ng mga may-sakit (o nursing home)?
- Nagpupuksa ng mga hayop, daga at insekto na maaaring magdulot ng karamdaman?
- Bumibisita sa mga tirahan para pangasiwaan ang pangangalaga ng mga maseselan ang pagdadalan-tao?
- Nagbibigay ng mga serbisyo ng laboratory para matukoy ang mga karamdaman at mga panganib sa kalusugan?

## Subaybayan ang pinakabagong balita mula sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan (o Department of Public Health)

Website: www.publichealth.lacounty.gov

Ingles: www.facebook.com/lapublichealth

www.twitter.com/lapublichealth

www.youtube.com/lapublichealth

I-scan ang QR code na ito para mas malaman pa ang tungkol sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan

**Lupon ng mga Tagapagmahala sa Los Angeles County**
Gloria Molina, *Unang Distrito*
Mark Ridley-Thomas, *Pangalawang Distrito*
Zev Yaroslavsky, *Pangatlong Distrito*
Don Knabe, *Ika-apat na Distrito*
Michael D. Antonovich, *Ika-limang Distrito*

**Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County**
Jonathan E. Fielding, MD, MPH
*Direktor at Health Officer*

County of Los Angeles Public Health

10/11 Tagalog

Kagawaran ng

# Pampublikong Kalusugan

ng Los Angeles County



County of Los Angeles Public Health

*Ang misyon ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan Los Angeles County ay para pangalagaan ang kalusugan, pigilan ang karamdaman, at itaguyod ang kalusugan at kapakanan ng lahat ng mga tao sa Los Angeles County*



## Paano Tumutulong sa Komunidad ang Pampublikong Kalusugan?

### Ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ay nakatuon sa pagpigil at kumikilos sa maraming lugar para pangalagaan at pagandahin ang kalusugan n gating komunidad.

Ang pag-inspeksiyon man ng restawran, tabing-dagat, o tahanang-alagaan ng mga may-sakit; paggamot ng mga nakakahawang sakit sa pampublikong health center; pagtugon sa mga pagkalat ng mga sakit o emergency, tulad ng isang pagkalat ng pagkakahawa dulot ng sakit o lindol; pagturo sa publiko at mga pinuno ng komunidad sa pamamagitan ng mga kaganapan at miting; pagsasagawa ng mga survey para masuri ang kalusugan ng populasyon; o paglikha ng mga patakaran na nakatuon sa pagpapabuti ng kalusugan, ang gawain ng kagawaran ay nakikita at nadadama sa kabuuan ng 4,300 na kuwadradong milya ng Los Angeles County.



Sa araw-araw, ang halos 4,000 na empleyado na tumatao sa 39 na programa ng kagawaran ay tapat sa pangangalaga ng kalusugan ng mga residente ng LA County at sa sumisikap na gawing mas mabuti, at mas malusog na tirahan ang komunidad.

## Mga Programa at Serbisyo

**Ang malawakang larangan ng mga programa na nagbibigay kakayahan sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan para mapangalagaan at mapabuti ang kalusugan ng mga residente ng LA County. Naririto ang ilan sa mga programa ng kagawaran.**

**Children's Medical Services:** Pag-eksamen at paggamot ng mga 21 taong gulang at pababa.

**Chronic Diseases:** Tumutuon sa pagpapababa ng paglaganap sa pamamagitan ng kalikasan at pagbago ng pamamaraan ng pamumuhay.

**Communicable Disease Control and Prevention:** Nagsisikap para mabawasan ang mga bagay na nagbibigay panganib sa pamamagitan ng pagsubaybay at pagtataguyod ng nakabubuti sa kalusugan na pag-uugali.

**Community Health Services:** Nagbibigay ng mga serbisyong klinikal at pangangasiwa ng kaso sa pamamagitan ng mga pampublikong health center.

**Emergency Preparedness and Response:** Inihahanda ang ang mga residente laban sa mga banta sa kalusugan tulad ng mga nakakahawang sakit at bioterrorism.

**Environmental Health:** Itinataguyod ang kalidad ng buhay sa pamamagitan ng pagkontrol ng mga salik na pangkalikasan kasama na ang mga pag-iinspeksiyon sa restawran.

**Health Assessment and Epidemiology:** Bumubuo ng mga survey para pakakalap ng mga datos sa katayuan at pag-uugali hinggil sa kalusugan.

**Health Facilities Inspection:** May tungkulin para sa pagbibigay ng lisensiya at sertipikasyon ng halos 2,000 na pasilidad na pangkalusugan.

**HIV/AIDS:** Nagsisikap para maiwasan ang pagkalat ng HIV/AIDS.

**Immunizations:** Pinangangalagaan ang komunidad laban sa mga sakit na naiiwasan sa pamamagitan ng bakuna.

**Maternal, Child, and Adolescent Health:** Sinusuri, pinaplano at isinasagawa ang mga serbisyo para sa mga grupong ito.

**Public Health Investigation:** Binabantayan ang kalusugan sa pamamagitan ng pagpapairal ng mga batas para sa kalusugan ng publiko.

**Public Health Laboratory:** Pinapangalagaan ang kalusugan ng publiko sa pamamagitan ng pagsusuri sa laboratoryo.

**Senior Health:** Pinapaganda ang kalidad ng buhay ng mga matatanda at ng kanilang pamilya.

**Sexually Transmitted Diseases:** Kumikilos para maiwasan at makontrolang STD sa kabuuan ng county.

**Substance Abuse Prevention and Control:** Nagsisikap para mabawasan ang pagkakalulon sa pamamagitan ng mga programang nakabatay sa katibayan at pagtatanggol ng patakaran.

**Tuberculosis:** Nagsisikap para maiwasan ang pagkakahawa sa pamamagitan ng maagang pagkakatukoy ng aktibong sakit at paggamot ng malamang na impeksiyon.

**Veterinary Public Health and Rabies Control:** Nagsisiyasat ng mga paglaganap ng sakit ng hayop at mga kagat ng hayop.

**Women's Health:** Nagsisikap para mapabuti ang kalusugan sa pamamagitan ng estratehiyang pagplano, kasama na ang Women's Health hotline.

## Mga Pampublikong Health Center

**Nagpapatakbo ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng 14 na mga health center na nagdudulot ng libre at murang serbisyo para sa mga walang segurong pangkalusugan o ng isang tagapagdulot ng regular pangangalaga ng kalusugan.** ***Ang mga serbisyong inihahatid ay mga Imunisasyon, pag-eksamen at paggamot ng Tuberculosis (TB), at pagsusuri at paggamot ng Sexually Transmitted Disease (STD).***

**A Antelope Valley Public Health Center**
335-B East Ave. K-6
Lancaster, CA 93535
(661) 723-4526

**B Central Public Health Center**
241 N. Figueroa St.
Los Angeles, CA 90012
(213) 240-8204

**C Curtis R. Tucker Public Health Center**
123 W. Manchester Blvd.
Inglewood, CA 90301
(310) 419-5325

**D Glendale Public Health Center**
501 N. Glendale Ave.
Glendale, CA 91206
(818) 500-5750
*Mga serbisyo lamang para sa Imunisasyon at TB; ang mga klinika para sa TB ay sa pamamagitan ng appointment*

**E Hollywood/Wilshire Public Health Center**
5205 Melrose Ave.
Los Angeles, CA 90038
(323) 769-7800

**F Monrovia Public Health Center**
330 W. Maple Ave.
Monrovia, CA 91016
(626) 256-1600

**G North Hollywood Public Health Center**
5300 Tujunga Ave.
N. Hollywood, CA 91601
(818) 766-3982
*Mga serbisyong para sa STD lamang*

**H Pacoima Public Health Center**
13300 Van Nuys Blvd.
Pacoima, CA 91331
(818) 896-1903
*Mga serbisyo lamang para sa Imunisasyon at TB; ang mga klinika para sa TB ay sa pamamagitan ng appointment*

**I Pomona Public Health Center**
750 S. Park Ave.
Pomona, CA 91766
(909) 868-0235

**J Ruth Temple Public Health Center**
3834 S. Western Ave.
Los Angeles, CA 90062
(323) 730-3507
*Mga serbisyong para sa STD lamang*

**K Simms/Mann Health and Wellness Center**
2509 Pico Blvd.
Room 325
Santa Monica, CA 90405
(310) 998-3203
*Mga serbisyong para sa STD lamang*

**L Martin Luther King, Jr. Center for Public Health**
11833 S. Wilmington Ave.
Los Angeles, CA 90059
(323) 568-8100

**M Torrance Public Health Center**
711 Del Amo Blvd.
Torrance, CA 90502
(310) 354-2300

**N Whittier Public Health Center**
7643 S. Painter Ave.
Whittier, CA 90602
(562) 464-5350

## Mga Lugar ng Pagplano ng Serbisyo

**Ang Los Angeles County ay hinati sa walong heograpiyang rehiyon, o Service Planning Areas (SPAs). Ang mga partikular na lugar ang nagbibigay kakayahan sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan para makapagbigay ng mga serbisyong pangkalusugan sa publiko at klinikal na nakakatugon sa mga partikular na pangangailangang pangkalusugan sa mga lugar na ito.**




### SPA Administrative Offices

**Antelope Valley (SPA 1)**
**San Fernando Valley (SPA 2)**
Serving the communities of Antelope, Santa Clarita, San Fernando and Crescenta valleys
**(818) 487-0063**

**San Gabriel Valley (SPA 3)**
**Metro (SPA 4)**
Serving the communities of Hollywood, Downtown Los Angeles, and San Gabriel Valley
**(213) 240-8049**

**West (SPA 5)**
**South (SPA 6)**
Serving the communities of South Central Los Angeles, West Los Angeles, and the Santa Monica Bay region
**(323) 730-3515**

**East (SPA 7)**
**South Bay (SPA 8)**
Serving the communities of the Gateway Cities, East Los Angeles, and the South Bay
**(562) 464-5478**

**Community Health Services Administration: (213) 240-8040**

## Sino ang Aking Kokontakin?

**Ang mga sumusunod ay listahan ng mga serbisyo at impormasyon kung paano kokontakin ang ilan sa mga ilang programa na inihahatid ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County.**

**Sertipikasyon ng Kapanganakan at Pagkamatay**
Sertipikasyon ng Kapanganakan
(213) 240-7812
Sertipikasyon ng Pagkamatay
(213) 240-7816

**Children's Medical Services (Serbisyong Medikal na Pambata)**
California Children's Services (CCS)—mga serbisyo para sa pangangalaga ng kalusugan ng mga bata na may mga natatanging pangangailangan sa kalusugan
(800) 288-4584
Child Health and Disability Prevention Program (CHDP)—nagbibigay-daan para maiwasan ang sakit sa pamamagitar ng pagsusuri ng kalusugan ng mga pamilyang mula sa mababa/katamtaman ang kinikita na pamilya at mga bata na mga seguro sa Medi-Cal
(800) 993-2437

**Emergency Preparedness Program (Mga Programa para sa Kahandaan sa Oras ng Emergency)**
(213) 637-3600

**Foodborne Illness**
(213) 240-7821
(L-B, 8 am-5 pm)
(213) 974-1234
(sa mga gabi, Sabado at Linggo)

**HIV/AIDS at mga STD**
(800) 367-AIDS (2437)
(L-B, 9 am-5 pm, Ingles at Espanyol)
(800) 758-0880
(automated, 24 oras sa isang araw, Ingles at Espanyol)
(213) 744-5949
(L-B, 09:00:00 AM-5 pm)

**Immunizations (Mga Immunisasyon)**
(213) 351-7800

**Restaurant Grades and Closures (Pagkakategorya at Pagpapasara ng mga Restawran)**
(888) 700-9995

**Pagkalulon ng Substansiya**
(626) 299-4193

**Veterinary Public Health and Rabies Control (Paggamot ng mga Hayop para sa Kalusugan ng Publiko at Pagkontrol ng Rabies)**
(877) 747-2243

**Women's Health (Kalusugan ng mga Kababaihan)**
(626) 569-3850
(L-B, 8 am-5 pm)
(800) 793-8090
(hotline para sa mababa ang kinikita na kababaihan)

**Para sa mas kumpletong listahan, ang pinakabagong impormasyon sa pagkontak, o para magsumite ng ulat tungkol sa banta sa pampublikong kalusugan, bumisita sa website ng kagawaran sa www.publichealth.lacounty.gov.**

**Para sa impormasyon tungkol sa ibang mga serbisyong pangkalusugan at pantao ng LA County, tumawag sa 2-1-1.**